

# **Pagtugon sa Sari-saring Panganib: Mga Aral Mula sa mga Krisis Pananalapi**

Tereso S. Tullao, Jr., PhD  
Paaralan ng Ekonomiya, Pamantasan ng De La Salle

## **I. Introduksyon**

Nitong nakaraang dalawang dekada, nakaranas ang mga ekonomiya sa iba't ibang bahagi ng mundo ng tatlong matitinding krisis pananalapi. Ang mga ito ay nagdulot ng malalawak na pinsala sa mga mamamayan, pamahalaan at mahahalagang sektor ng ekonomiya lalo na sa sektor ng pananalapi.

Ang pagkalat ng krisis pananalapi tungo sa isang malawakang krisis ekonomiko ay nakasalalay sa sektor ng pananalapi lalo na ang pagbabangko. Makikita na maraming sa mga sanhi ng krisis ay nakaugat sa di maingat ng pagbabangko. May mga pagkakataon din na ang krisis ay hindi nagmumula sa mga bangko. Ngunit dahil ang mga bangko ay pangunahing sektor sa pagpapatakbo ng ekonomiya nagiging mahalagang daluyan ng krisis ang mga bangko.

Bilang pangunahing sektor sa sistema ng pamamagitan pananalapi, ang mga bangko ay lagi nang nakalantad sa mga panganib ng anumang krisis pananalapi. Bunga nito maaaring silang mahawa, makahawa at maging instrumento sa pagkalat nito. Dahil ang mga bangko ay may tampok na papel sa pag-usbong ng mga sanhi ng mga nakaraang krisis pananalapi at ang kanilang pagkalat, kinakailangang maunawaan ang mga sanhi ng krisis. Mahalaga sa pamamahala ng mga ganitong krisis ang pag-unawa sa mga dahilan at pamamaraan ng pagkalat. Sa pagsusuri ng mga dahilan kinakailangang malaman ang mga uri ng panganib na humaharap sa mga aktor sa ekonomiya upang makalikha ng angkop na tugon.

Ang layunin ng sanaysay na ito ay suriin ang mga sanhi ng tatlong pangunahing krisis pananalapi at mailahad kung papaano tumugon ang mga pamahalaan sa buong mundo sa pagsugpo sa krisis, ang paghahanda ng mga bansa upang di na ito maulit muli, tugunan ang mga panganib at paliitin ang anumang epekto nito sa ibat ibang sektor.

## **II. Tatlong Malalawak na Krisis Pananalapi**

Isa sa mga pangunahing sanhi ng krisis pananalapi sa Asya (AFC) noong 1990's ay ang malawakang pagdami ng mga panandaliang utang eksternal na isinagawa ng mga bansa sa ASEAN at Silangang Asya. Bunga ng pagpapatupad ng takdang palitan ng salapi ng mga tagapamahalang pananalapi naenganyo ang mga bangkong mangutang sa ibang bansa at ipahiram ito sa loob ng bansa. Ang insentibo ay nanggaling sa mga bangko

sentral na halos umako sa anumang panganib sa pagbabago ng palitan ng salapi bunga ng patakaran ng di nagbabagong palitan ng salapi.

Batay sa kapaligiran ito ang mga bangko sa rehiyon walang pakundangang sa pagbibigay ng pautang lalo na sa sektor ng *real estate* (halimbawa sa Thailand), at sa mga kinikilingang kompanya (halimbawa sa timog Korea) at di na dumaan ang mga pautang sa masusuing ebalwasyon. Ang presyo ng mga *real estate* ay bumagsak kasabay ng mabagay na paglaki ng ekonomiya maraming kompanya ang nalugi at ang mga bangko ay humina at humarap sa mga panganib dahil marami sa kanilang pinautang ay di makabayad. Sa kanilang pangyayari ang daloy ng dayuhang pondo ay bumaliktad bunga ng pagtatanggal ng mga dayuhan sa kaniang pondo sa mga nanganganib na bangko, bangkaroteng kompanya at ang paniniwalang di matatag ang mga ekonomiya sa rehiyon.

Ang ganitong pagbaliktad na sinabayan pa ng pagbagal ng ekports ay nagdulot ng matinding depresasyon ng mga salapi sa rehiyon. Sa pagbabayad ng knailang dayuhang utang lumaki ang halagang kinakailangan na salaping lokal bunga ng depresasyon ng mga salapi. Ito ay nauwi sa pagkalugi ng maraming bangko. Nagsimula ito sa Thailand at mabilis na nahawa ang iba't ibang kapitolyo sa rehiyon bunga ng panlalamig ng mga dayuhang negosyante na nag-alisan sa rehiyon sa paniniwalang ang lahat ng mga bangko sa rehiyo ay magkakahawi at di lubusang protektado sa iba;t ibang uri ng panganib. (Tullao, 2009)

Sa kabilang dako, ang krisis pananalapi sa Estados Unidos (USFC) noong 2008 ay sanhi ng maraming bagay kasama na ang malawak na pagpasok ng pondo mula sa mga bansang may sarplas sa Asya at papasulong na ekonomiya, magaang na paraan ng pagpapautang lalo na sa sektor ng pabahay, securitisasyon ng mga utang, at ang kawalan ng regulasyon at mahinang paneneguro sa pagbabenta ng seguridad. Sa ganitong sitwasyon, ang mga bangko ay gumanap ng mahalagan papel sa panimula, pagkalat at epekto ng krisis.

Ang malawakang pagpasok ng pondo sa Estados Unidos galling sa mga BOP sarplas ng Tsina at ibang papasulong na ekonomiya ay ginamit upang bumili ng mga panagot at ibang pang instrumenting pananalapi. Dahil sa sobrang salapi, naghanap ang mga bangko ng alternatibo na pautang na may mataas na balik ngunit mapanganib. Ang labis na salapi ay nuwa sa magaang pamamaraan ng pagpapautang kasama na ang pagpapautang na halos walang kolateral sa mga pabahay. Ang labis na salapi ay nauwi rin sa pagbibigay na mahihingng seguro sa pagpapautang. Ang pagsigla ng sektor ng pabahay ay nag-enmgayo sa mga taong na mangutang.

Nagkaroon din ng mga pamumuhunan sa mga deribatibo kasama na ang *credit default swaps* dahil ang mga instrumenting pananalaping ito ay binibigyan ang mamimili na pababain ang mga panganib sa mga sguridad na galingsa pautang sa bahay. Ang mga kompanyang panseguro ay sinegruo ang mga *credit default swaps* ng mga seguridad na

galling sa mga pautang sa bahya. Subalit dahil sa pagtamlay ng ekonomiya, ang mga presyo ng pabahay ay bumagsak at ang pagputok ng presyo ng mga ari-arian ay kumalat sa presyo ng mga yamang pananalapi. Ang presyo ng iba't ibang uri ng yamang pananalapi kasama na ang mga panagot at istak ay bumagsak di. Maraming bangko at institutiyusopng pananalapui ay humahawak ng mga yamang pananalapi na bagsak ang preyso o halos wala nang halaga.

Higit na masahol maraming bangko at institusyong pananalapi ay nalugi dahil hirap silang mangolekta sa mga pautang nila sa pabahay at ang mahigpit na dami ng salapi, *tight liquidity*, sa bilihan ay lalo pang nagpahirap at mas magastos para sa kanilang ang manghiram. Dahil marami sa mga bangko ang may probelma, marami sa mga ito ang ayaw magpaihiram sa kapawa bangko kaya ang *interbank interest rate* ay tumaas. Ito ay lalong nagpahigpit sa suplay ng salapi dahil ayaw magpahiram ng mga bangko bilang proteksyon laban sa panganib ng pagklaugi.

Dahil dito ang bilihan ng istak sa Wall Street ay bumagsak sa mistulang pagbaba ng *Dow Jones average*, Ang malalaking institutsyong pananalapi tulad ng *Lehman Brothers*, *Merill Lunch*, at *Berns and Sterns*, nalugi at napilitang maghayag ng *bankruptcy*. Ang American Insurance Group, ang pinakalamaking kompnayang paneguro sa buong mundo ay nakapagtala ng malawakang pagkalugi at nahirapang mangalap ng pondo upang tustusan ang mga *insurance cover* o ibinigay nito sa mga *credit default swaps* sa mga *bonds* at ibs pang deribatibo na kabatay sa pautang sa pahabahay.

Bilang tugon, ang *US Treasury* ay nagpautang ng halagng USD 85 bilyon sa AIG upang mapigilan ang pangnaib na pagkabangkarote. Ang Fannie Mae and Freddie Mac, pinakamalaking institutsyon sa pagpapautang sa bahaya ay sinagip ng pamahalaan ng pagbibigay ng pautang na USD 200 bilyon upang buhayng muli ang matamlay sa bilihan ng pabahay. Ang *Berns and Sterns* ay nakatanggap ng USD 20 bilyon bilang tulong ng pamhalan upang di malugi. Ang pamahalan sa pagsang-ayon ng Kongreso ng Estados Unidos na maglaan ng USD 700 bilyon upang sugpuin ang lumalalang pagtunaw ng sektor pananalapi. (Tullao, 2009b)

Kung ang mga bangko ay walang pakundangan sa pagbibigay ng pautang lalo na sa sektor ng pabahay sa krisis pinansyal sa Asya at krisis pinansyal sa Estados Unidos, and krisis pinansyal sa Europa, sa kabilang dako, ay nagmula sa kakulangan ng disiplina sa sektor piskal sa Unyong Eruopea. Kahit na may integrasyon pananalapi sa rehiyon sa kapaligirang paggamit ng Euro bilang tanging salapi ng nakararaaming bansa, may liberal at magaan na patakaran sa pag-sasanib or pagkakaisa sa larangang piscal and kahinaan ng mga parusa sa mga magagastos na bansa. May ilang bansa na nagkaroon ng malalaking *deficit fiscal* at ganitong di-balaenseng sitwasyon ay tinuguann o pinondohan o tinustusan sa pamamagitan ng pangungutan at pagbebenta ng mga seguridad o panagaot ng pamahalaan.

Sa ganitong kapaligiran, ang mga bangko muli ay nanganib dahil sila ang humahawak ng mga panagot na nakatala sa euro. Dahil sa kawalan ng pondo ng mga pamahalaan ang mga pamahalaan na nagbabagong di makabayad ng utang, bumamba ang halaga ng euro. Idadga pa rito ang posibilidad ng default o sdi makabayad at ang pagbaba ng credit rating ay lalong nagpangamba sa mga bangko na naghigopit sa pagpapautang at pagtatala ng pagkalugi sa kanilang talaang finasyal. Ang posibilidad ng default at pagbaba ng credit rating ay presyo ng pangungutan ay lalo pang tumaas at pinahigpit ang suplay ng salapi. Ito ay nagkaroon ng epektong deflasyon sa tunay na sektor ng ekonomiya na kumalad t buong union.

Ang *International Monetary Fund* at ang *European Central Bank* ay tumugon sa pamamagitan pagpapautang sa mga naapektuhang pamahalaan sa kundisyon na kailangang magsagawa ng mga pagbabagong istruktural tulad ng pagpapataas ng buwis at pagbabawas sa tulong o subsidi ang mga bansang ito bago maibigay ang pautang. Liban sa pagbabagong istruktural, ang mga bangko ay lalo pang nalugi dahil hiniling sa kanila na tumanggap ng bayad sa mga panagot na nagmamature sa napakalaking diskwento upang makakuha uli ng pangibagon utang mula sa mga bangkong internasyonal. Dahil sa mga di katanggap-tanggap na rekomendasyon, may ilang pamahalaan sa unyon ay napalitan upang ang mga bagong pamahalaan ay magsagaw ng mga reforma at pagbabaong istruktural sa ekonomiya. Nugnit ang palagay at pananaw ng bilihan ay nagpatuloyd at tinaggap ng mga tagapamahala ng pondo mula sa rehiyon na nakapagpapalala bas a makisp na suplay ng salapi.

### **III. Mga Pangunahing Isyu sa mga Kundisyon ng Kasunduang Basel**

Ang mga bangko, bilang mahalagang bahagi ng sistema ng pamamagitan ng pananalapi, ay naging isa sa mga pinagmulan ng krisis, naging daan sa pagkalat nito, at naging biktima ng malawakang epekto nito. Batay sa pagkakaiba ng mga dahilan ng krisis pananalapi sa nakaraan, ang *Basel Accord* ay tumugon sa pamamagitan ng pagpapahusay sa mga pinatutupad na pangangailangan sa capital at mga pamamaraan sa regulasyon at superbisyon ng mga bangko. Dahil ang mga epekto ng mga hakbang na ito sa gastos, pamamahala, tubo at paglikha ng kredito ang mga pangangailangang ito ay tinututulan ng sektor pananalapi sa buong mundo. Ang pangunahing kritisismo mga pangkalahatang pamantasyang ito ay ang pagkakaiba ng sanhi ng krisis, ang lawak ng pagkakalantad sa mga panganib, ang antas ng posibleng kahinaan ng mga bangko sa harap ng pagkakaiba ng mga katangian ng bangko sa yaman o ari-arian nito at ang pagkakalantad nito sa mga panganib.

Nasa Talaan 4.1. ang buod ng mga Itinakdang Pangangailang ayon sa Kasunduang Basel III. Ayon sa Basel III, itinaas nito ang kinakailangang kapital sa Unang Hanay na *ratio* ng kapital, Pangunahang Unang Haya na ratio ng capital at dagdag na *capital conservation buffer* upang pangalagaan ang mga bangko sa mga hinanaharap na panahon ng pangamba at *countercyclical buffer*. Ang layunin ng *conservation buffer* ay

masiguro na ang mga bangko ay mapanatili ang isang *buffer* ng kapital na maaaring magamit upang pasanin/ pondohan ang pagkalugi sa mga panahon ng may problemang/stress pananalapi at ekonomiko. Habang ang mga bangko ay pinapayagang kumuha mula sa *buffer* sa mga panahon ng *stress*, sa paglapit ng kanilang itinakdang ratio ng capital sa pinakamababang antas lalong tumataas/ sumidhi ang mga hadlang sa kanilang kita.

**Talaan 4.1. Summary of Requirements in the Basel III Accord**

<b>Criteria</b>	<b>Basel III</b>
Kailangang Capital	Tier 1 Capital Ratio = 6% Core Tier 1 Capital Ratio (Common Equity after deductions) = 4.5%
Capital Conservation Buffer*	Banks will be required to hold a capital conservation buffer of 2.5% to withstand future periods of stress bringing the total common equity requirements to 7%.
Countercyclical Capital Buffer	A countercyclical buffer within a range of 0% – 2.5% of common equity or other fully loss absorbing capital will be implemented according to national circumstances. Banks that have a capital ratio that is less than 2.5%, will face restrictions on payouts of dividends, share buybacks and bonuses.
Capital for Systemically Important Pinansyal Institutions (SIFIs)**	Systemically important banks should have loss absorbing capacity beyond the standards announced today and work continues on this issue in the Financial Stability Board (FSB) and relevant Basel Committee work streams. The Basel Committee and the FSB are developing a well-integrated approach to systemically important pinansyal institutions which could include combinations of capital surcharges, contingent capital and bail-in debt.
Leverage	Leverage Ratio = Tier-1 / Assets = 3%, including off balance sheet
Liquidity	Liquidity Coverage % (LCR) = (Stock of high quality liquid assets – Cash, CB deposit, sovereign bond, bond, equity, corporate bond) / (Net cash outflows over a 30-day time period – deposit run off, corporate funding) ≥ 100%  Net Stable Funding % (NSFR) (Available amount of stable funding – Tier 1 & 2, Preferred Stock, Liquidity & Term deposit over 1 year) / (Required amount of stable funding – sovereign bond, securities, government bond, equity, loan) > 100%

Higit pa sa pagpapataas ng kinakailangang kapita, ang Basel III ay nagbigay ng bagong konsepto na isasama sa *core capital*. Ang dating kasama bilang bahagi ng *core capital* ay hindi na tinatanggap. Mayroon ding pagkakaiba sa mga bangko sa pagtataya

sa mga *risk-weight assets*. Ang isyu rito ay ang pamantayang pagtataya laban sa mas liberal na may pleksibilidad upang maitakda ang kabilang sa *core capital*.

Itong pinaigting the pangangailangan sa sapat na capital ay maaaring makalikha ng mabigat na umasa sa *core capital* (pangkaraniwang ekwiti at di pinamamahaging tubo). Ang pagpili ng instrumenting capital at ang pag-iisyu ay magiging mabigat lalo na sa pagtanggap sa mga minoryang kasosyo sa korporasyon. Ang Hanay 2 at iba pang uri ng kapital ay maaaring idaan sa lalo pang pagsusuri. Ang kasalukuyang seguridad ay mabibiyayaan sa matagalang transisyon at espesyal na pagtrato, at mapaghihina ang insentibo sa mga bangko na bawiin o bilhin mula ang mga ganitong instrument (Asian Bankers Association, 2010). Ayon sa istratehiya na paglikom ng capital, ang paglalagay ng pamahalan ng capital ay maaaring maging sanhi para sa bangko na puspusang burahin ang mga non-performing loans at gawin ang mga instrumenting kapital bilang karaniwang ekwiti sa panahon ng krisis, na maaaring magpalabnaw sa komposisyon ng mga shareholder. Ito ay maaaring maging sanhi ng malamig na pakikipagtulungan ng mga bangko sa pamahalaan sa pagpasok ng pamahalaan ng capital na maaaring mauwi sa pagbagsak ng bangko, systemic risk sa industriyang pananalapi, pabilisin ang de-leveraging at pagbaba ng portfolio na lalong mapalala *pro-cyclicality*. (Asian Bankers Association, 2010).

Sa kabilang dako, ang malaking halaga ng kapital ay mahalaga sa bangko lalo na dahil hinahadlangan ang kapasidad ng mga bangko na tumanggap ng panganib at ilihis tungo sa pagpapautang sa mga relatibong safe na pangangapital at proyekto. Ang mataas na *ratio* ng kapital, lalo na ang pangkaraniwang ekwiti ay nagpapahiwatig na ang mga tagapamahala ay lalong pangangalagaan ang kanilang pondo. Ito ay magbibigay daan upang matugunan ng mga bangko ang kiankailangan laan na itinakda ng kanilang bangko sentral.

**Talaan 4.2. Country-Average Tier 1 Capital Ratio (2005-2011)**

Country	2005	2006	2007	2008	2009	2010	2011
<b>CN</b>	7.315	7.89	9.71	10.6128 5714	9.11666 6667	8.30444 4444	9.43
<b>ID</b>	15.5744 4444	14.428	15.373	14.359	12.96	13.5188 8889	13.2511 1111
<b>JP</b>	6.73222 2222	6.68666 6667	7.39444 4444	15.738	16.509	18.733	12.6675
<b>KR</b>	10.682	9.61833 3333	9.35166 6667	9.31	11.4133 3333	12.454	14.495
<b>MY</b>	10.4657 1429	10.1671 4286	9.28	9.16444 4444	10.2244 4444	11.4066 6667	10.6275
<b>PH</b>	19.53	16.5016	13.1490	12.2681	12.1154	12.2563	12.8842

		6667	9091	8182	5455	6364	8571
<b>SG</b>	11.8	27.1333 3333	24.374	40.6422 2222	37.1511 1111	41.2228 5714	15.815
<b>TH</b>	10.6677 7778	11.0833 3333	11.861	12.1890 9091	11.5954 5455	11.7109 0909	11.4957 1429
<b>VN</b>	7.56	6.49666 6667	9.6125	9.63	18.5025	14.2666 6667	17.44

Source: BANKSCOPE

Makikita sa Table 4.2. na noong 2010 Tier 1 ratios sa ASEAN at Silangang Asya ay madaling tumaas na lagpas nsa Tier 1 kailangan capital na itinakda ng Bael III. Wala bansa na may Tier 1 capital na mababa sa 8 porsyento at ang pinakamataas noong taong iyon ay ay Singapore na nagtala ng 41 porsyento sa Tier 1 na sinundan ng Japan na may 18.8 porsyento at na ibang bansa sa Silangang Asya ay may average na 13-15 porsyento. Ang Tsina ang nagtala ng pinakamababa ratio na 8.3 porsyento.

**Table 4.3. Country-Average Total Capital Ratio (2005-2011)**

Country	2005	2006	2007	2008	2009	2010	2011
<b>CN</b>	9.95	10.0385 7143	12.0214 2857	12.9185 7143	12.01	11.0722 2222	12.0362 5
<b>ID</b>	20.179	19.776	20.17	18.502	15.376	15.948	14.963
<b>JP</b>	11.3311 1111	11.4255 5556	12.2811 1111	19.19	20.235	22.535	16.905
<b>KR</b>	14.072	13.0283 3333	12.61	12.3516 6667	14.36	14.4283 3333	13.78
<b>MY</b>	14.1128 5714	14.2528 5714	13.5071 4286	13.4688 8889	14.0255 5556	15.1277 7778	14.7262 5
<b>PH</b>	20.844	19.581	16.87	15.3263 6364	15.8109 0909	16.1890 9091	16.6442 8571
<b>SG</b>	16.65	30.6333 3333	26.23	41.8911 1111	38.2677 7778	42.2142 8571	18.73
<b>TH</b>	13.3922 2222	13.6422 2222	14.167	14.0136 3636	14.1909 0909	14.9863 6364	15.6542 8571
<b>VN</b>	9.896	8.16166 6667	11.5162 5	12.3757 1429	15.4833 3333	14.104	17.79

Source: BANKSCOPE

Halos parehong larawan ang makikita sa average ng bansa sa kanilang kabuuang capital rasion sa ASEAN at East Asia. Ito ay pinangunahan ng Singapore na may 42.1 porsyento na sinundan ng Japan (22,54%) samantala ang ibang bansa ay nagtala ng average sa pagitan ng 14-15 porsyento.

Isang katangian ng Basel III ay isang laang kapital para sa mga malalawak ng institutisyong pananalapi o *Systematically Important Financial Institutions* (SIFI). Ang mga SIFI ay mga bangkong binibigayang na mahalagang pansin sa mga ordinaryong bangko dahil sa laki ng kanilang yaman at deposito at ang antas ng kanilang kapital. Ang mga bangkong ito ay itinuturing napakalaki upang bumagsak dahil kung isa sa mga ito ay malantad sa mga panganib ito ay magdudulot na malawakang instabilidad sa rehiyon. Kahit na ang pangangailangang ito ay tinutugunan ang malawak na pagkakaiba sa laki ng mga bangko at ang kanilang epekto sa sektor pananalapi ay malawak kung sakaling maapektuhan ng sigalot at panganib. Sa kabilang dako, maty ilang bangko sa Tsina at Japan ang nagrereklamo na dapat baguhin pa ang pangangailangang ito dahil kahit na sila ay nmalalaking bangko hindi naman sila lantad sa panganib at hindi pwedeng mahawa sa krisis dahil ang kanilang bilihan ay nakabatay lamang sa biling local at may limitadong interaksyon sa pagbabangkong internasyonal.

Isa pang isyu na lumalabas sa Basel II ay natutungko sa bilihan ng deribatibo, sa *liquidity* at resolusyon. Dahil ang konsentrasyon ng panganib sa kalakalan sa derivative ay di ito lantad o malinaw na naranasan sa USFC, ang Estados Unidos ay nagtatakda ng mas mataas na kinakailang capital at margin para sa mga di pa malinaw na derivative. Kahit na ito ay katanggap tanggap sa mga bangko , ang isyu ay ang di pagkakaipareho ng margin/dagdag at kinakailangang capital. Sa kalawan ng pangkalahatang pangangailangang global, ang ibang bilihan ng derivative sa ibang rehiyon ay maaaring magtakda ng mas mababang margin at kailangang capital na maaring makaapekto sa mga bangko sa Estados Unidos na nasa kalakalanagn derivative.

Ang isyu sa isyu sa *liquidity* ay nakaugat sa panganib na samga pautang na maikling panahon, Ang Bsel III ay nagbabaliak na itaas ang pondo matagalang utang at tinging deposito upang ang mga bangko ay makahawak ng mas malaking yamang salapi. Ngunit ang ganitong internasyonal na pamantayan ay may implikasyon sa pagpapautang ng bangko. Kahit na ang ganitong pangangailan ay magpapatatag sa mga bangko, hinidi nito pinahahalagana ang mga pambansan at lokal na pangangailangan sa paglikha ng kredito. Samakatuwid, ang mga pandaigdigang pamantayan sa regulasyon tungo sa katatagan ng bangko ay dapat isaalang-alang ang isinasakripisyo ng paghawak ng malaking yamang salapi na ipinakikita ng pangangailangang kredito ng biling local.

Isa pang mahalagang isyu ay nakatuon sa pagkakaiba ng mga pamabansa at pandaigdigang regulasyon sa pagsagip sa mga naapekto o nananganganib na bangko. May dalwang opsyon sa pagtugon sa mga namomopreblang bangko. Una ay magbigay ng isang epsiyente o murang planong pagsagip at ikalawa ay pagbibigay ng pagbagsak na may pinakamababang panlipunang gastos. Sa harap ng kawalang ng pandaigdigang pamantasyon sa regulasyon, ang mga pambansang tugon ay bigyan ng proteksyon ang mga nag-impok at mamayang binuwisan sa halip na ang mga dayuhang nagpautang. Ang mga pandaigdigan pamamaraan ay mahiraqp maitatag na nagiiwan ng ibatibang pamabasnag pamaamraan at ang tumitinding pwera sa mga bangko na magtayo ng subsidiaries.(The Economist, July 2, 2011 p.64.)



#### IV. Katangian ng mga Bangko sa Rehiyon

Ang mga krisis na nasaksihan sa loob ng dalwang dekada ay nagbigay ng mahahalang aral sa mga bansa sa ASEAN+3 at nagbigay ng motibasyon na idisensyo ang mga angkop na solusyon upang maseguro ang katatagang pananalapi. Sa kasalukuyan, ang mga bangko sa rehiyon ay nananatiling ligtas sa harap ng krisis ng mga pautang ng mga pamahalaan sa Europa matamlay na pag-usad ng ekonomiya ng Estados Unidos, bumabagal na paglaki ng mga umuusbong na ekonomiya kasama na ang bilihan sa ASEAN +3. Ang katatagang ito ay ipinakikita sa sapat na hawak na capital, sapat na pondong maipapautang, mahusay na kalidad ng yaman, at malakas na kita.

Sa larangan ng katangian ng bangko, ang mga sukan ng bangko sa rehiyon ay nagkakaiba. Ang mga pinaktampok na bangkong Tsino ay may *average* na yaman na umamabot sa USD 828 bilyon noong 2010 samantalang halos ganoon din ang katamtamang laki ng pinakatampok na bangko sa Japan. Samantala, ang mga bangko sa ASEAN ay nanliliit sa paghahambing. Ang mga tampok na bangko sa Singapore ay may katamtamang yaman na USD 57 bilyon lamang samantalang ang mga tampok na bangko sa Pilipinas ay mas mababa pa sa ikasampu ng halaga ng yaman ng katamtamang bangkong Tsino at Hapon.

Kahit may malawak na agwat sa laki ng mga bangko, ang mga paglaki ng mga tampok na bangko sa rehiyon ay may parehong bilis ng paglaki na nagbibigay sa pautang ng bangko ang pangunahing pinagmumulan ng kredito sa rehiyon. Ang mga bangko ay matatag batay sa kasapatan ng kapita, kalidad ng yaman, tubo at likwiditi. Ang mga tampok na bangko ay may ratio ng kasapatan ng capital na lumalagpas na kinakilangang 8 porsyento ng *Bank of International Settlements* at 4 porsyento ayon sa Kasunduang Basel. Ang kalidad ng yaman ay humasay na ipinakikita ng pagbaba ng NPL o di-makolektang pautang. Ang mga balik sa yaman at balik sa puhunan ay humusay din din sa paglipas ng panahon. Ang dami ng pondong salapi ay matataas at katanggaptanggap ngunit nagsibaba nitong mga huling taon bunga ng pangangailangan ng pondo sa Europa bunga ng krisis doon.

Sa larangan ng mga panuntunan sa regulasyon at sistema ng pagmamasid sa mga bangko ay umaandar samantalang ang pagtugon sa mga pangangailang ng Kasunduang Basel ay ipinatutupad o inihahanda. Ibat ibang uri ng reporma sa istruktura at sistema ng pagmamasid ay sinimulan mula ng naranasan sa *Asian Financial Crisis*. Samantala, makikita ang malawak na pagkakaiba ng mga istruktura at praktis ng pagmamasid sa mga bangko. Ang mga pagkakaibang ito ay nagmumula sa iba't ibang dahilan tulad ng antas ng kaunlarang ekonomiko at pananalapi, pagkakaiba ng mga institusyon at pagkakaiba ng pamantayang legal. Marami sa mga ahensya ang may mekanismo ng paniniktik na may katapat na parusa sa mga sumusuway na bangko at ang kalayaan ng mga tagamasid ng bangko.

Maraming pagbabago ay ipinatutupad ng mga tagamasid upang mapahusay ang sistema ng regulasyon na naaayon sa mga mahuhusay na praktis sa buong mundo na ipinatupad ng *Basel Committee on Banking Supervision*. Samantala, ang pagtugon ng mga bansa sa mga bagong pamantayan ay nagkakaiba sa mga bansa. Halos 46 porsyento ng mga bansa sa Asya ay tumutugon sa *Basel Core Principle for Effective Banking Supervision*. Sa harap ng pagkakaiba ng mga bansa sa larangan ng regulasyon ng mga bangko, ang kasalukuyang pamamaraan ng mga bansa sa regulasyon ay maituturing pinakamahusay.

Sa kasalukuyan, may tumataas na pagpapatupad ng mga pamantayang internasyon sa regulasyon ng mga bangko na may intensyong ipagsama ang pambansang sistema ng regulasyon sa mga pamantayang sa pinakamahuhusay na parktis sa buong mundo. Ang ganitong pagpapatupad ay nakatutulong sa matatag na sistemang pananalapi kahit na nahahirapan ang mga tagamasid sa pagtutugma ng pambansang sistema ng regulasyon at pamantayang internasyonal.

Ang mga regulasyon sa mahinahong pamamahala ng bangko sa rehiyon ay nakatuon sa kasapatan ng capital at sistema ng pamamahala ng panganib sa *liquidity* na ipinanukala ng *Basel Committee on Banking Supervision*. Samantal, may pagkakaiba sa pagtatakda ng pinakamababang kinakailangang kapital sa pagtatayo ng mga lokal na bangko at mga sangay ng dayuhang bangko. Ang mataas na kinakailangang kapital ay nagpatatag ng mga bangko ngunit nagsisilbi ring panangga sa mga bagong pumapasok. Tulad ng nabanggit natin, may pagkakaiba sa ratio ng kasapatan ng kapital sa mga bangko sa rehiyon ngunit lahat ng mga ito ay lumalagpas sa itinatakhang pangangailang internasyon.

Habang ang sistema ng CAMELS ang ginagamit ng mga tagamasid at bangko sa maraming bansa, may ibang sistema ng sa pagraranggo upang timbangin at subaybayana ng mga ginagawa ng mga bangko ay dapat di isawalang bahala. Ang dapat isaalang-alang sa mga ganitong masususang hakbang sa antas ng bangko ay ang katotohanang na sa lahat ng bansa sa rehiyon ay nakapaloob na sa kanilang kasalukuyang regulasyon at ginagawa ang mga pamantayang/ gabay na itinakda ng *Basel Committee for Banking Supervision* sa iba't ibang antas.

Maliban sa mga mekanismo at instrumentong ginagamit ng mga Bangko Sentral sa pamamahala ng pondong salapi, may ilang paninigurong pananalapi kasama ang sistema ng seuro sa depsosito ay ipinatutupad upang pangalagaan ang mga depositor ng mga bangko sa pagsasara ng mga bangko habang ang mga bangko ay masidhing pinamamahalaan ang kanilang pondong salapi/ likwid na bunga ng krisis. Ang ugnayan ng mga pamamaraan ng paneengruong pananalapi at kombinasyon ng mga istrumento ay nagkakaiba sa iba't ibang bansa sa rehiyon. Ngunit, marami sa mga pamamaraan ng

panenegurong pananalapi ay nauwi sa pagpapataas ng gastos sa pagrerestrukturang pananalapi para sa pamahalaan.

Ang pagkakaroon ng sistema ng seguro sa depositor sa rehiyon ay naging tampok matapos ang *Asian financial crisis*. Sa nakalaipas ng nakaraang dekada, ang mga bansang mayroon nang sistemang pangangalaga ay nagsagawa ng malawakang pagbabago sa kanilang instrumento at regulasyon samantalang ang mga may panandaliang seguro sa deposito ay nagtatag ng mga permanenteng sistemang pamroduksyon. Kahit na may pagkakaiba sa mga ekonomiya sa kanilang DIS o modelo, ang rehiyon ay mayroong magandang/katanggap tanggap na halo ng mga sistemang seguro sa deposito. Ang rehiyon ay may kombinasyong na binubuo ng matatagal at bagong ngunit mahusay na pagkakatatag na sistema. Mayroon din pagkakaiba sa kapangyarihan at pamamahala ng mga sistemang paneguro sa deposito na nakabatay sa kanilang istruktura at legal na pinagbabatatayan.

Ang hangaring magkaroon ng katatagang pananalapi na ipinakikita ng kasapatan ng kapital at pamamahala ng pondong salapi at ang pagpapalakas ng meknismo sa masusing pagbabangko ay may kasamang gastos. Naipakita sa empirikal na pagsusuri na ang mga pangangailangan sa capital ay may epekto sa resulta/produkto ng pagbabangko, *interest margin* at lalo na ang kakayahan ng mga bangko na itanghal ang kanilang pangunahing Gawain sa pamamagitan ng pananalapi. Ang pagtatakda ng mataas na pangangailangang reserba ay mapipilitang ang mga bangko na magpahiram ng mas kaunti na nauuwi sa mas mataas na *interest margin*. Ang mataas na segurong sa seguro ay nagpapataas sa net interest margin dahil sa paghawak ng mga bangko ng mga mapanganib na yaman. Ang interes na itinatakda ng bangko sa mga pautang ay tumataas dahil ang mga nangungutang ay handang magbayad ng mataas na interes ay yaong nangungutang na nagsasagawa ng mga mapanganib na pangangapital, kayat tumataas ang NIM. *Activity restriction* ay nagpapataas ng NIM. Ang mga *activity restrictions* ay ipinatutupad upang mabawasan ang mga di kinakailangang pangab tulad ng mga pangaiib sa *real estate*, partisipasyon sa bilihan ng *stocks* at ang mga gawaing paniniguro. Ang pagpapatawa ng mga ganitong hadlang ay nagpapataas sa gastos sa pamamagitan ng pananalapi.

Sa larangan ng epekto ng mga regulasyon, ang pagpapataas ng kinakailangan laaan ay nagpapabawas sa kakayahan ng mga bangko makapagpautang. Ang depositong seguro, sa kabalang dako, ay nagpapataas na kakayahan ng mga bangko makalikha ng kreditor dahil ang mga bangko ay nagsasagawa ng mapanganib na pagpapautang. Sa tatlong baryabaol na natutungkol sa regulasyon, ang laan at at seguro sa deposito ay makabuluhang estadistikal sa ratio ng utang sa yaman. Ang depositong seguro ay nagpapababa sa gastos na nagpapahiwatig ng mataas na kita/ tubo, samantalang ang laan ay nagpapataas ng gastos at nagpapababa ng tubo ng mga bangko.

Sa harap ng mga positibong katangian ng mga bansa at ang pagkakaroon ng mga mekanismo sa regulaton at pagmamasid ang bangko sa rehiyon ay masasabing matatag

at protektado gamit ang mga armas pamproteksyon at makakayanang harapin ang mga systemic na panganib na nagpahina sa mga bangko sa rehiyon sa nakaraan. Ang mapang hina mapagpanglaw na epeko ng AFC ay nagpagising sa mga banko na palakasin ang kanilang sandata laban sa mga panganib, paliitin ang kanilang kalantaran, at paliitin ang kanilang kahinaan sa mga panganib pananalapi. Ang paghusay ng mga katangian ng mga bangko sa larangan ng kasapatan ng kapita, kalidad ng yaman, pamamahala, ekwiti at pondong salapi, kasama ang mga mekanismo ng pagmamasisd at paneneguro ay naging matatag na sandalat laban sa pinsalang idinulot ng USFC at ang namumuong panganib na maidudulot ng krisis sa pananalapi at fiskal sa Europea. Subalit ang mga hakbang tungo sa pananatili ng katatagang pananalapi ay may gastos na ipinakita ng epekto ng mga hakbang sa regulasyon sa net interest margin, kakayahang makapagpautang at ang tubo ng mga bangko. Sa harap nito kinakailanga ang magsagawa ng isang optimal na patakarang na binabalanse ang pangnagilangang maging matatag ang mga bangko, sa isang dako, at maitanghal/ maisagawa ng mga bangko ang kanilang pangunahing papel na pamamagitan ng pananalapi.

## **V. Implikasyon sa Pamamahala**

Ang katatagan ng sektor ng pagbabangko ay nakasandar sa kakayanan ng mga bangko na matugunan/makayanan ang anumang panganib na humarap sa sektor at sa ekonomiya. Proteksyon laban sa exposure sa mga panganib na systemic at panganib sa bilihan at seguro laban sa vulnerability ay nakasalalay kung papaano ang mga bangko ay may kakayahang magkaroon at pataasin ang kanilang kapital upang takpan/pangalagaan/iligtas sila sa anumang pangyayari. Kailangan ng pangangalaga/proteksyon at seguro ang mga bangko sa iba't ibang panganib sa lumalawak at komplikadong pamamagitan ng pananalapi dahil sa lumalawak at kompleksya sa papel ng mga bangko sa pamamagitan ng pananalapi, globalisasyon ng mga produkto at pondo, at ang ugat/sanhi ng panganib at sanhi ng krisis pananalapi. Subalit may katuwang na isinakripisyong halaga ang mga regulasyon kasama na ang gastos sa paglikha ng kredito, na ipinakita sa pagtaas ng interes margin at pagbaba ng dami na naipapautang ng mga bangko.

Kahit na ang mga bangko sa rehiyon ay nagging matatag sa harap ng kasalukuyang krisis pananalapi sa Europa at sa krisis sa Estados Unidos sa nakalipas ang hinaharap ng mga bangko sa Europa at Estados Unidos ay hindi kaaya-aya. Ito ay ipinakita sa pagbaba sa grado ng mga bangkong Europeo at Amerikano noong Disyembre 2011 at nitong nakarang pagbaba ng grado ng 9 na ekonomiya sa Europa kasama ang Fransya, Italya, Portugal at Espana noong Enero 2012. Ito ay may epekto sa demand mula sa mga malalaking bilihan sa Europa at Estados Unidos.

Ang mga panganib na ito ay nagbabadya at sumusubok sa katatagan ng mga bangho sa rehiyon. Dahil ditto nananawagn ng mga tugon pampatakarang na maitatago ang rehiyon sa posibleng pagkahawa na nagmumula sa Kanluran. Ang mga panganib na

iyang ay unti-unti pumapasok sa mga bangko sa rehiyon at ito ipinahihiwatig sa paghihigpit ng ma kundisyon sa pagpapautang at pagbulusok ng mga *credit default swaps* (CDS) sa mga bangko sa Asya. Dahil ditto ang mabagal sa paglaki ng mga ekonomiya bunga ng mapanglaw sa eksports ang mga lokal na bangko ay magkaroon ng mababang tubo.

Sa harap ng ganitong sitwasyon, kinakailangan maging masigasig ang mga namumuno sa pagbibigay ng mga panukala upang mapahupa ang mga panganib na nagmumula sa pagbaba ng grado ng mga bangko at ekonomiya na maaaring magdulot ng pagkahawa sa mga bangko sa rehiyon. Ang pangkalahatang layunin ay isang malakas na kooperasyon pananalapi sa rehiyon upang mapanatili ang kalusugan at katatagan ng mga bangko, at mapangalagaan ang paglikha ng pautang na siyang motor sa pagpapaunlad pananalapi at inclusive growth.

Kinakailangan ng mga gumagawa ng mga patkaran sa ASEAN+3 na patuloy ang pagmomonitor ng sektor pananalapi at mga pangyayaring ekonomiko sa ekonomiyang global at sa kani-kanilang bansa upang maihanda at mapangalagaan ang mga lokal na bangko sa sigalot mula sa labas. Kailangan din mga tagapamahala na palakasin ang mga tangkang pagkooperasyon sa paghahanda sa mga biglaang pagbabago sa daloy ng pondo bunga ng pagkawala ng tiwala sa bilihan at sa panahon ng ng krisis sa mga bangko. Ang mga napapanahong pagbibigayan ng mga tagapamahala ng mga impormasyon tungkol sa mga bangko sa kani-kanilang bilihan ay makatutulong ng agarang at angkop na tugon. Ang patuloy na pagsubok sa bangko at pagiging malinaw sa kanilang resulta ay makapagbibigay ng tamang impormasyon kung kakayanin ng mga bangko ang anumang masamang pangyayari.

Ilan sa mga patakarang maisasagawa ay ang mga sumusunod: i) mga hakbang sa *liquidity* tulad ng *bank guarantees, deposit insurance, currency swap arrangement* at ibang pang angkop na hakbang sa proteksyong pananalapi na nakatutulong sa mga bangko sa panahon ng kagipitan sa pondo o *liquidity*; ii) pagsasanib at konsolidasyon ng mga bangko na ang layunin ay matugunan ng mga bangko ang malalaking kinakailangang kapital upang tugunan ang mga pangangailangan ng Basel III; iii) pagsasapribado ng mga bangko na makatutulong sa pagpapalaki ng capital at pagsasagawa ng mataas na antas ng pamamahala at teknolohiya na makapagpapataas sa kalidad ng operasyon ng mga bangko; and iv) pamamaraan sa pamamahala ng panganib upang mataas ang kalidad ng yaman at balik sa harap ng mga panganib.

Subalit ang mga alternatibong patakarang ay may isinakripisyong halaga. Ang mga mga patakarang na naghahangang sa panloob na pagrerestruktura sa pamamagitan ng konsolidasyon at pagsasanib ay maktutulong sa pagiging episyente ng bangko ngunit it ay may kaakibat na epekto sa konsentrasyon ng industriya at ang market share.

Pagkatapos ng Asian pinansyal crisis, isa sa susi hakbang sa mga bansa sa ASEAN+3 ay ang deregulasyon ng industriya ng pagbabangko, na nagbigay daan sa

pagpasok ng mga dayuhang bankgo tungo sa konsolidasyon. Ang mga malalaking bangko ay may kakayahang pababain gastsos sa pamamagitan dahil sa kanilang kakayahang makalikom ng pondo, magpakilala ng mga bagong inobasyon at lakas upang withstand ang mga *shock*. Tulad ng mga pag-aaral na ang malalaking bangko ay may relasyon sa mababang NIM ngunit kasabay nito ang malalaking bangko ay lalong lumakirelatibo sa bilihan at makapagtakda ito ng mataas na interes sa mga pautang na maaaring mauwi sa matass na NIM at makapagpigil sa episyenteng alokasyon ng mga yaman pananalapi. Dahil ang resulta nito sa istruktura ng bilihan maaaring timpiin sa pamamagitan ng kompetisyon, kinakailangang pagbalik aralana ng mga regulasyon sa pagpapapasok ng bangko at patakaran sa kompetisyon sa industry.

Idagdag pa rito, mula sa pag-aaaral na ang mga patakaran na nagpapataas sa kinakailangang capital ay hindi nauuwi sa mababang NIM. Sa ASEAN+3 ang mga bangkong may matataas na capital ay may matataas NIM dahil sa kanilang kakayahang labanan ang mga panganib ng pagsasara o pagbagsak.

Sa harap ng krisis sa Europa, kinakailangang suriin kung papaano ang ratio ng utang sa GDP ay nakakaapekto sa resulta ng mga bangko dahil ang mga bangko ang siyang bumibili ng mga panagot na iniisyu ng mga pamahalaan. Sa pag-aaral, ang mataas ng ratio ng pautang sa GDP ay may negatibong epekto sa NIM ngunit ito ay dapat dampian ng dahan dahang interpretasyon ng resulta dahil ang pagtaas ng ration ng utang sa GDP ay maaaring makapagpababa sa *ratio* ng pautang sa kabuuang yaman. May mga pag-aaral din na nagtuturo sa isang posibleng ugnayan sa pagitan ng mataas na ratio ng pagkakautang sa GDP sa paglaki ng ekonomiya. Ang dapat na patakaran ay maglagay ng mga mekanismo na paunang babala na magbibigay ng impormasyon tungkol sa tunay na kalagayang fiscal ng mga bansang nagbebenta ng mga panagot. Ito ay nangangailangan din ng pana-panahong pagtataya sa hawak na yaman ng mga bangko.

Sa larangan ng mahinahong pagmamasid at regulasyon sa mga bangko ang pagbabago ng mga kasalukuyang hakbang ay isang mabigat na gawain ng mga bangko sentral at mga tagamasid. Ito ay nangangailangan ng masusing pag-unawa sa iba't ibang uri ng panganib upang lubusang matugunan ang problema at magamit ang angkop na patakaran sa harap ng maluwag na hanay ng mga instrumentong pampatakaran na maaaring gamitin ng bangko sentral bilang bahagi ng kanilang patakarang monetaryo. Ang mga may kapangyarihan sa pagmamasid sa rehiyon ay kailangang maging masigasig sa pagtugon sa mga problema sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang mekanismo ng paniniktik. Kinakailangan din ang pagpapahusay sa mga kasalukuyang batayang panregulasyon ay patuloy na isagawa upang mapanatili ang katatagan ng sistemang pananalapi.

Kahit na ipinasok na ang mga regulasyon natutungkol sa pamamahala ng panganib sa likwidi, ang mga tagamasid ay dapat maging masigasig sa pagpapahusay ng kanilang mga patakaran upang sumabay ito sa patakaran sa rehiyon. Sa antas ng rehiyon, ang mga resolusyon tungkol sa pamamahala ng krisis ay dapat isagawa sa antas

pambansa at antas panrehiyon. Kahit na ang mga bansa ay may mga regulasyon inilagay sa loob ng imprastrukturang pananalapi, ang lawak ng implementasyon ng mga ito ay nagkakaiba sa bawat bansa. Ang mga di-tiyak na pangyayari na nakapaloob sa mga regulasyon ay dapat isama sa mga reporma upang maseguro ang ligtas at katatagan ng sistemang pananalapi habang isinasagawa ang mga inobasyon at pagiging episyente.

Kinakailangan ipasok ang hakbang upang mapahusay ang pagsusuri ng mga panganib sa likwiditi tulad ng nang mga hakbang na tumutugon sa contingencies at pangangailangan ng pondo lalong lalo na yaong natutungkol sa mga transaksyon sa dayuhang salapi. Ang mga transaksyong nabanggit ay komplikado at lantad sa panganib kung ihahambing sa mga transaksyong isinasagawa sa lokal na salapi lalo na kapag bumaligtad ang daloy ng capital. Dahil ang pamamahala ng likwiditi ay nagbabago sa mga bansa, kinakailangan ng mga hakbang upang tugunan ang pamamahala ng yaman at pagkakautang ng mga bangko upang masalamin ang pangangailangan ng salapi at upang mapanatili ang balanseng portfolio ng yaman.

Idagdag pa, ang antas, lawak at pamamaraan ng mga bangko sa pagpapatupad ng Basel II ay kinakailangang tinitimbang sa antas pambansa at rehiyon sa harap ng pagkakaiba ng antas sa pagtugon. Kahit na huwaran o ideyal ang ipatupad ang mga pandaigdigang mahuhusay na praktis sa, hindi ito makatotohanan sa harap ng kasalukuyang kundisyon.

Ang mahusay na pag-unawa sa mga gabay internasyonal ay kinakailang isagawa sa harap ng mga limitasyon ng mga kasalukuyang itrakturang pananalapi upang lubusang maisaanib ang pambansang sistema ng regulasyon na maipatutupad ng bansa. Maaaring ang mga bangko ay pinipilit na magsagawa ng mabibilis na pagbabago upang ipatupad ang bagong sistema at ihanda sila sa pagpaaptupad ng bagong sistemang Basel III ay magbunga ng di inaasahang resulta.

Ang mga problema sa pamamahala ng mga panganib sa *liquidity* ng mga bangko ay nakabatay sa kawalan ng malakas ng sistema ng pamamahala ng likwiditi. Sa harap nito, ang mga pinag-isang regulasyon sa mahinahong pagbabangko na natutungkol sa kasapatan ng capital at likwditi ay maaaring nararapat at mahalaga sa isang malakas na pagtutulungan ng mga bansa sa rehiyon. Subalit, ang ganitong hakbang ay mahirap isagawa sa harap ng pagkakaiba ng antas ng kaunlaran ng pananalapi sa mga bansa. Sa antas ng rehiyon, ang mga kasunduan sa pagitan ng mga pambansang tagapamahala ay dapat isagawa sa paghugis ng isang planong reforma sa regulasyon lalo na sa mga bansang may di pa mauunlad na sistemang pananalapi.

Ang mga instrumento sa patakaran na nakatuon sa pagsugpo ng mga panganib ng bangko, bawasan ang *moral hazard* at mga regulasyon sa mga gawain ng bangko ay dapat gabayan ng kattotohangn ang mga hakbang na ito ay may negatibong epekto sa pagiging episyente ng mga bansa. Bilang instrumento ng patakarang monetaryo, ang pagpaptaas ng mga reserba o laan ay nagpapababa sa kakayahang makapagpautang ng

mga bangko at nakapagpapataas pa ng NIM. Ang ibang ibang instrumentong pangregulasyon tulad ng seguro sa deposito at hadlang sa mga gawain ng bangko ay nakapagpapatas sa NIM. Kahit na nauunawaan na mga hadlang sa mga gawain ng bangko ay ipinatutupad upang mahadlangan ang mga problema ng moral hazard, may mga pag-aaral na nagpapakita na ang mga pagpapagaan sa mga hadlang ay maaaring magbigay daan sa pag-unlad ng bangko at pababain ang gastos sa pamamagitan ng pananalapi.

Sa pagtugon sa mga pagkakaiba sa sistema ng seguro sa depositor, ang *International Association of Deposit Insurers* ay naging matagumpay sa paglalabas ng mga gabay sa epektibong sistema sa seguro sa deposito na inaasahang na boluntaryo at unti-unting naisasama sa mandato sa DIS. Tulad sa sektor ng pagbabangko, ang pagpapatupad ng *Core Principles* ay maaaring makapagbigay ng isang sabayang pandaigdigang sistema ng mga hakbang sa pangangalangang pananalapi. Ang isyu ay nakabaon sa kasalukuyang istrukturang pananalapi at institusyon ng sistemang pananalapi ng bansa. Posible sa antas sa rehiyon na ang pagsunod sa mga pandaigdigang pamantaayna ay mabagal na isama sa bawat sistema ng pangangalangang pananalapi ng bawat bansa at ang ilang isyu (tulad ng pamamahagi ng impormasyon, uri ng pangangalangang pananalapi, mekanismo ng paniniktik na gagamitin at iba pa) ay maaaring isabay/ makipagtulungan sa mga pambansang may kapangyarihan ay kinakailangan upang masugpo ang krisis at mapamahalaan ito kung sakaling dumating.

Sa harap ng mga isyu at implikasyon, ang mga mekanismo sa regulasyon ay kinakailangan tugunan ang isyu ang fleksibilidad sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pangangalaga at proteksyon sa harap ng pwera tungo sa istandardisasyon ng mga kinakailangan. Ang hakbang tungo sa pandaigdigang pamantayang legal kasama ng kasunduan ng Basel ay maaaring magdulot ng problema sa maraming dahilan kasama na ang pagkakaiba ng laki ng bangko, pagkakaiba sa mga sanhi ng krisis pananalapi, di-tiyak ng pagkakatulad at pagkakahawa sa krisis, ang pangangailangang ipatupad/manage ang mga pangangailangang pambansa at pangangailangang pananalip at ang pagkakaiba sa mga hakbang sa pagtugon sa mga bangkong nakararanas ng problema.

Sa larangan ng laki ng bangko ahalimbawa, ang Basel III ay nagpapanuka na itaas ang kinakailangang kapital sa mga SIFI dahil ang mga malalaking bangkong ito ay may malawak na negatibong eksternalidad kung sakaling ito ay bumagsak. Kahit na ang panukalang ito ay tumutugon sa pangangailangang na magkaroon ng pagkakaibang panangga o proteksyon ayon sa laki ng bangko, kinakailangang itong maging fleksibol sa implementasyon nito. Maraming malalaking bangko sa Tsina at Japan ay tumututol diot dahil kahit sila ay malalaki, sila ay nakatuon sa lokal na bilihan at di gaanong lantad at madaling mahawa sa mga panganib na nagmumula sa mga pagkakatulad nito sa pandaigdigang pagbabangko. Kahit na ang laki ng bangko ay maaaring maging mapanganib sa sektor pananalapi at ekonomiya, ang laki ay hindi nangangahulugan na sila ay lantad at mahahawa sa mga panganiba na nagmumula sa labas. Ang kakayahan ng mga bangko sa rehiyon na mapagpasan at maprotektahan sa epekto ng krisis



pananalapi sa Estados Unidos at Eruorpa ay maaaring bunga ng makitid na interaksyon ng mga bangko sa bilihang pananalapi sa Estados Unidos at Europa.

Sa pagsususuri ng panganib ng mga yaman ng bangko kinakailangan na maging pleksibol sa pmanatayang pagsusuri at pagsukat o pagtitimbang. Dahil sa pagkakaiba sa pagkakalantad at pagkahawa, ang mga bangko ay maaaring humawak ng laan o reserba na hindi naman kailangan at may malaking isinakripisyong halaga. Ang kiling sa panandaliang pautang sa halip na pangmatagalangutang ay dapat tignan din sa harap ng pagkakalantad ng mga pautang na ito sa panganiba at ang pangangailangang pananalapi ng bansa ay hindi pare-pareho sa loob ng rehiyon.

Ang pagtugon sa sagupaan sa pagitan ng istardisadon at felxibility sa hakbang panregulasyon ay may epekto sa lawak ng *jurisdiction* ng mga tagapamahala ng regulasyon. Hindi natin isinasantabi ang halaga ng mga pandaigdigang kasunduan sa masusing pagbabangko at proteksyon laban sa mga panganib subalit pinahahalagahan din ang papel ng mga pambansang ahenyan panregulasyon sa mga bangko na tumutugon sa mga pambansang pangangailan. Maliban sa pagtatakda ng pambansang kapanyarian labang sa pandaildigang pangangailangan legal, kinakailang din itakda ang papel na ginagampanan ng mga ahenyeng pn rehiyon. Ang optimal na papel ay maging tulay sa agwat sa pagitan ng pamantayang internasyonla at pamabansng pagkakaiba. Ang pamamarang rehiyon ay kinakailanga upang maging tagapamahala kung papaano ang mga pambansang regulasyon at hakbang pagmamasid sa pagbabangko ay tumutugon sa mga panganib relatibo sa mga pamantayang internasyon. Ang layunin ng kooperayson panrehiyon ay upang makaambag sa isang matatag na sistemang pananalapi sa buong rehiyon.

## References

### *ASEAN+3 Papers*

- Paper 1:* Taningco, A., (2011). A survey and assessment of the roles, functions, and characteristics of ASEAN+3 banking system. *Working Paper*, Angelo King Institute, De La Salle University, Manila.
- Paper 2:* Castell, M., (2011). Policies and regulations, supervisory practices, and safety net mechanisms in the ASEAN+3 banking system. *Working Paper*, Angelo King Institute, De La Salle University, Manila.
- Paper 3:* Dacuycuy, L., (2011). An empirical investigation on the role of bank regulations, supervisory practices, and deposit insurance on banking sector development in the ASEAN+3 region. *Working Paper*, Angelo King Institute, De La Salle University, Manila.

### *Other References*

- Asian Bankers Association (ABA), (2010). ABA position paper on: Basel III and its implications on Asian banks. 25<sup>th</sup> ABA General Meeting and Conference, Taipei, Taiwan.
- Barth, J., Caprio, G. J., & Levine, R. (2004). Bank regulation and supervision: what works best? *Journal of Financial Intermediation* , 205-248.
- Barth, J. R., J. Gan and D.e. Nolle ( ). Global Banking Regulation & Supervision: What Are the Issues and What Are the Practices? Retrieved November 5, 2011, from [http://www.bm.ust.hk/~jgan/papers/BARTHnolle%20gan\\_bood.pdf](http://www.bm.ust.hk/~jgan/papers/BARTHnolle%20gan_bood.pdf)
- Basel Committee on Banking Supervision (BCBS), (2009). History of the Basel Committee and its membership. Bank for International Settlements.
- Batunanggar, S. Comparison of Problem Bank Identification, Intervention and Resolution in the SEACAN Countries (2008). The South East Asian Central Banks (SEACEN) Research and Training Centre. Retrieved September 16, 2011, from [http://www.seacen.org/GUI/pdf/publications/research\\_proj/2008/rp73/rp73\\_complete.pdf](http://www.seacen.org/GUI/pdf/publications/research_proj/2008/rp73/rp73_complete.pdf) from Figure 8: Indicator/Risk Categories and Ratios Used in Supervisory Risk Assessment and Early Warning Systems - Supervisory Bank Rating Systems

- Demigurc-Kunt, A., Laeven, L., & Levine, R. (2004). Regulations, market structure, institutions, and the cost of pinansyal intermediation. *Journal of Money, Credit and Banking* , 36, 593-622.
- Ennis, H. M., & Price, D. (2011, June). Basel III and the continuing evolution of bank capital regulation. *Richmond Fed Economic Brief, Federal Reserve Bank of Richmond*.
- Pinansyal Standards Foundation (2008). eStandardsForum Weekly Report. Volume IX No. 13 December 1 - 8 , 29008. Retrieved November 1, 2011, from <http://www.estandardsforum.org/system/files/68/original/weekly-report-2008-12-08.pdf?1254977101>
- Pinansyal Standards Foundation (2008). ). eStandardsForum Weekly Report. Volume XIII No. 31 April 7-14 , 2008. Retrieved November 1, 2011, from <http://www.estandardsforum.org/system/files/68/original/weekly-report-2008-12-08.pdf?1254977101>
- Pinansyal Standards Foundation (2008). Annual Globalization Report 2007-2008. Retrieved October 31, 2011, from <http://estandardsforum.org/system/files/28/original/annual-report-2008-04-30.pdf>
- Lee, C and CY Park (2009). Beyond the Crisis: Pinansyal Regulatory Reform in Emerging Asia. Asian Development Bank: ADB Working Paper Series on Regional Economic Integration WP34. Retrieved September 9, 2011, from <http://www.adb.org/documents/papers/regional-economic-integration/WP34-Pinansyal-Regulatory-Reform.pdf>
- : Ryoo, S., (2006). Operational Framework for Monetary Policy in the SEACAN Countries (2006) from Table 4 on Functions of Reserve Requirement
- Siregar, R. and V. Lim (2010). The Role of Central Banks in Sustaining Economic Recovery and in Achieving Pinansyal Stability. The South East Asian Central Banks (SEACEN)Staff Paper No. 74. Retrieved December 4, 2011, from <http://www.seacen.org/GUI/pdf/publications/newsletter/2010/1stQtr.pdf> [derived from Table 4 on Bank Liquidity Management]
- The Economist. (2011). August. p 64.
- Tullao, T.S. (2009a). Global Imbalances and Macroeconomic Adjustments: The Case of East Asia. Working Paper. Angelo King Institute, De La Salle University.

Tullao, T.S. (2009b). Global Economic Imbalances Triggering the Pinansyal Crisis. Proceedings of the Sixth Secretary Alfonso Yuchengco Policy Conference *Implications of the Global Pinansyal Crisis on the Philippine Economy*. Yuchengco Center.

Wibowo, O.P. (2008) Understanding and Addressing the Pro-cyclicality impact of Basel II in the SEACAN Countries. (Table 1: Basel II Implementation in SEACAN Countries). Retrieved October 14, 2011, from [http://www.seacen.org/GUI/pdf/publications/research\\_proj/2008/rp72/rp72\\_complete.pdf](http://www.seacen.org/GUI/pdf/publications/research_proj/2008/rp72/rp72_complete.pdf) \*FSC website: [www.fscs.org](http://www.fscs.org)

*Data Sources*

*BANKSCOPE*

*Bangko Sentral ng Pilipinas*

*Bank Indonesia*

*Bank of Japan*

*Bank of Korea*

*Bank Negara Malaysia*

*Bank of Thailand*

Pinansyal Soundness Indicators Database, *International Monetary Fund*.

*Hong Kong Monetary Authority*

Key Development Indicators, *World Bank*.

Monetary Authority of Singapore

*People's Bank of China*

World Bank, *Bank*